



Mga Bakuna sa COVID-19 - Mga Kadalasang Katanungan

MGA PANGUNAHING KAALAMAN SA BAKUNA



Bakit mahalaga ang mabakunahan?

Pinoprotektahan ng mga bakuna sa COVID-19 ang mga tao mula sa malubhang sakit mula sa COVID-19 at mauwi sa pagkakahospital o pagkamatay. Binabawasan din nila ang panganib na magkaroon ng malalang sakit mula sa COVID-19 (tulad ng matagal na COVID), at mula sa pagliban sa trabaho at paaralan.

Bukod dito, ang pagpapabakuna ay nagpapababa sa panganib ng paghawa ng COVID-19 sa ibang tao. Ito ay lalong nakakatulong sa pagprotekta sa mga taong may [mas mataas na panganib na magkasakit](#).

Inirerekomenda na ang mga taong nagkaroon na ng COVID-19 sa nakaraan ay magpapabakuna pa rin upang palakasin ang imyunidad at upang mabawasan ang kanilang panganib na mahospital dahil sa pagkakaroon ng COVID-19.

Gaano kahusay gumagana ang mga bakuna?

Ang mga bakuna ng COVID-19 ay mahusay na gumagana sa pagprotekta laban sa malublang sakit, pagkakahospital at pagkamatay mula sa COVID-19. Kumpara sa mga taong [napapanahon](#) sa kanilang mga bakuna sa COVID-19, ang mga hindi pa nabakunahang tao ay [mas malamang na magkaroon ng COVID-19](#), mas malamang na [mahospital dahil nagkaroon ng COVID-19](#), at mas malamang na [mamatay mula sa COVID-19](#).

Nakikita ng mga eksperto na maaaring humina ang proteksyon sa paglipas ng panahon, lalo na para sa ilang partikular na grupo, tulad ng mga tao na nasa edad na 65 taong gulang pataas at mga taong may mahinang sistema ng imyunidad. Ito ang dahilan kung bakit mahalaga ang pananatiling napapanahon sa lahat ng inirerekomendang dosis, kabilang ang mga pampalakas na dosis. Ang mga binagong (bivalent) pampalakas na mga bakuna ay nakakatulong upang maibalik ang proteksyon na humina sa paglipas ng panahon. Tingnan ang [Mga Dosis ng Pampalakas na Bakuna](#) para sa mas marami pang impormasyon.

Habang nagbabago ang agham at ang virus, gayundin ang mga rekomendasyon sa bakuna. Patuloy na sinusubaybayan ng mga siyentipiko at mga medikal na eksperto ang mga palatandaan ng pagbaba ng imyunidad sa mga taong may iba't ibang edad at may iba't ibang mga elemento ng panganib. Tinitingnan din nila kung gaano kahusay ang pagpoprotekta ng mga bakuna laban sa mga bagong baryante ng virus.

Anong mga bakuna ang magagamit sa Amerika?

Apat na mga bakuna sa COVID-19 ang inaprubahan o pinahintulutan sa Amerika para mapigilan ang COVID-19. Ang mga ito ay ginawa ng Pfizer-BioNTech (tatak na pangalan ay Comirnaty), Moderna (tatak na pangalan ay Spikevax), Novavax, at Johnson & Johnson. Ang mga bakunang Pfizer at Moderna ay pinahintulutan para sa mga taong edad 6 na buwan pataas. Ang mga bakunang Novavax ay pinahintulutan para sa mga taong may edad na 12 taong gulang pataas. Ang Johnson & Johnson (Ang mga bakunang J&J) ay pinahintulutan para sa mga nasa hustong gulang na 18 taong gulang pataas.

Inirerekomenda ng CDC ang mga bakunang Pfizer, Moderna, at Novavax para sa COVID-19 kaysa sa bakuna ng J&J. Ang bakunang J&J ay maaaring [ikonsidera sa ilang mga sitwasyon](#).

Para malaman pa ang mas marami, bisitahin ang webpage ng CDC sa [Manatiling Napapanahon sa Iyong](#)



Mga Bakuna sa COVID-19 - Mga Kadalasang Katanungan

MGA PANGUNAHING KAALAMAN SA BAKUNA

[mga Bakuna sa COVID-19 Kabilang ang Pampalakas na Bakuna \(Booster\).](#)

Ano ang pagkakaiba sa pagitan ng orihinal (monovalent) na mga bakuna sa COVID-19 at ng binagong (bivalent) mga bakuna?

Pinupuntirya ng mga monovalent na bakuna ang orihinal na virus na nagdudulot ng COVID-19. Ang mga bakuna ay binago upang makagawa ng mga bivalent na bakuna na pumupuntirya sa parehong orihinal na COVID-19 na virus at ang mga baryanteng BA.4 at BA.5 na Omicron.

- *Mga dosis ng pangunahing mga serye* - Ang mga bakunang Monovalent ay ginagamit bilang pangunahing mga serye para sa lahat ng bakuna na may isang eksemplasyon. Ang isang bivalent na bakuna ay ginagamit para sa ika-3 dosis ng isang pangunahing mga serye ng bakuna ng Pfizer para sa mga batang edad 6 na buwan – 4 na taong gulang.
- *Mga dosis ng Pampalakas na Bakuna* – Ang lahat ng mga dosis ng pampalakas na bakuna ng Pfizer at Moderna ay bivalent (binago) na mga bakuna. Ang dosis ng pampalakas na bakuna ng Novavax ay isang monovalent na bakuna.

Saan ako makakakuha ng mas marami pang impormasyon?



- Para ilimbag (print) o makita ang Mga Katanungan o Mga Kadalasang Katanungan sa iba pang mga paksa sa bakuna ng COVID-19, iiskan ang QR na kodigo (code) o bisitahin ang [Mga Kadalasang Katanungan sa Bakuna ng COVID-19](#).
- [VaccinateLACounty.com](#) – kabilang ang [Mga Iskedyul ng Bakuna ng COVID-19](#) na may mga larawan para ipakita kung kailan ang bawat dosis ay dapat ibigay at impormasyon sa kung [Paano Makakakuha ng Bakuna](#).
- [Mga Bakuna para sa COVID-19](#) na webpage ng CDC.
- Itanong sa iyong doktor kung mayroong kang mga katanungan.